Republika ng Pilipinasas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-7 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-16 NG AGOSTO, 2022.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | Kasangguni |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 113-2022**

**ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAGBATI AT PAGKILALA ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD, KGG. CHRISTIAN D. NATIVIDAD AT ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD, KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA KAY SK KAGAWAD KEVIN DE LEON PARAGAS NANG SIYA AY KILALANIN BILANG 'MOST OUTSTANDING YOUNG PUBLIC SERVANT AND INSPIRING ENTREPRENEUR OF THE YEAR' SA GINANAP NA GINTONG PARANGAL 2022 NG LUMINARE AWARDS AND ENTERTAINMENT PRODUCTIONS.**

**AKDA NI: KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
**KAMAY-AKDA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** noong ika-13 ng Agosto, taong kasalukuyan ay binigyan ng karangalan ang ating mahal na Lungsod ni SK Kagawad Kevin De Leon Paragas, nang siya ay kinilala bilang 'Most Outstanding Young Public Servant and Inspiring Entrepreneur of the Year' sa ginanap na Gintong Parangal 2022 sa Grand Ballroom, Okada Manila, Lungsod ng Paranaque;

**SAPAGKAT,** ang Gintong Parangal ay isang Award Giving Body na naglalayon na makapaghanap ng mga natatanging Pilipino na may malaking ambag sa lipunan o' naging matagumpay sa kani-kanilang larangang kinabibilangan;

**SAPAGKAT,** si SK Kagawad Kevin De Leon Paragas, tubong Malolos, ay kasalukuyang Sangguniang Kabataan Kagawad ng Barangay Mojon, Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** kasabay ng kaniyang pagiging SK Kagawad ng kanilang barangay, siya ay nagsusumikap na tumulong sa kaniyang pamilya at naging isang matagumpay na negosyante;

**SAPAGKAT,** kinakailangan ng tiyaga, dedikasyon at angking talento upang kilalanin at magtagumpay sa kaniyang larangan at dahil dito ay kaniyang naipamalas ang tatak ng isang maabilidad at huwarang kabataang Maloleño;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO<br>KASANGGUNI | KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III<br>KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA<br>KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO<br>KASANGGUNI | KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO<br>KASANGGUNI |

**SAPAGKAT,** isa sa layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ang pagtataguyod ng pag-unlad o' kalinangan sa larangang kinabibilangan, pagtulong sa ikauunlad at paghikayat na umasa sa sariling siyentipiko at teknolohikal na kakayanan ang bawat mamamayan, kaya't nararapat lamang na mabigyan ng pagkilala ang katangi-tanging kontribusyon na kaniyang ibinahagi;

Kung kaya't sa magalang na kahilingan nina **Kgg. John Vincent G. Vitug III** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASYA,** gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na ipinapahayag ang taos-pusong pagbati at pagkilala ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod, Kgg. Christian D. Natividad at ng Bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod, Kgg. Miguel Alberto T. Bautista kay SK Kagawad Kevin De Leon Paragas nang siya ay kilalanin bilang Most Outstanding Young Public Servant and Inspiring Entrepreneur of the Year sa ginanap na Gintong Parangal 2022 ng Luminare Awards and Entertainment Productions.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08162022